

CHAPTER 1

She would not be intimidated. Pinagmasdan ni Sabella Anna Vincentia Rodriguez ang pagbukas ng marangyang wrought iron gate sa harapan ng kanyang sinasakyang *Mercedes Benz*. Tumatama ang pang-umagang sikat ng araw sa makintab na itim na bakal, pinatitingkad lalo ang kulay noon. From where she sat in the back seat of the black luxury car, she could see soaring acacia trees lining the long winding driveway, the canopy of branches and leaves intertwining high above, shrouding the path in cool shadows.

Suwabeng binagtas ng sasakyan ang daan papasok sa malaking itim na gate, at awtomatikong sumara iyon sa kanilang likuran. Para siyang inuuyam ng pagsara ng bakal na mga rehas, tila sinisimbolo ang pagkakulong niya sa sitwasyong hindi niya matatakanan.

Tumiim-bagang si Bella at iniibas ang tingin doon.

Sa di-kalayaan, natanaw niya ang security building. Nasa labas noon ang dalawang security personnel, nakasuot ng Barong Tagalog uniform at may dalang

matataas na kalibre ng mga baril.

Tumaas ang sulok ng kanyang mga labi. How subtle. Mukhang gustong makipagkumpetensya ng lalaki sa mga politiko sa bayan nila sa higit ng security nito. Naisip tuloy niya, may private army ba ito? Lahat sa lugar na iyon ay pinapamukha sa kanya kung anong klase ng tao ang kanyang kakaharapin: Makapangyarihan, marangya, mapanganib. As if anyone could forget.

Nag-igting ang kanyang mga ngipin at kumuyom ang mga palad.

Bella would not be intimidated, she told herself for the umpteenth time as the luxurious vehicle traveled the winding drive that seemed to go on for eternity. She was Sabella Anna Vincentia Salcedo y Rodriguez, a seventh-generation heiress from a line of influential and powerful hacenderos in Candelaria and Sariaya, Quezon. Her family had produced strong politicians and notable businessmen since the nineteenth century. She grew up in a pre-war Spanish Colonial mansion and they had a hundred-hectare coconut farm. She mingled only with the elite and the finest families in the Northern Region. She is a Rodriguez. She would not be intimidated by some nouveau riche upstart who accumulated his wealth through shady resources.

The hateful man was probably a drug lord.

Sandaling pumikit si Bella at napahugot nang malalim na hininga. A drug lord, dear God. Ano na lang ang sasabihin ng mga tao sa kanilang bayan kapag nalaman ang sitwasyon niya?

Pagtatawanan sila ng lahat. They would never hear the end of it. Her noble ancestors would be furious.

Puwes sisihin nila sina Mama at Papa, aniya sa sarili at nagmulat siya ng mga mata. Naramdaman niya ang pagtaas ng presyon sa pagkaalala sa kanyang mga magulang. Ang dalawa ang may kasalanan sa lahat ng ito. Ang mga ito ang nalulong sa sugal at naglustay nang mahigit limampung milyong pisong pera nila. Just thinking about it made her want to scream. More than fifty million pesos gone in a matter of months, dear Lord. At ngayon ay nakasangla pa ang ilang mansion at kalahati ng kanilang hacienda.

Deep breaths, Bella, paalala niya sa sarili. Find your inner calm. Imagine the peaceful beach near Casa de las Rosas. Deep breaths.

Hindi iyon umubra. Walang breathing exercises na kayang magpakalma sa buhol ng frustration at inis sa kanyang sikmura.

Tinitigan niya muli ang mga puno sa labas. *Gaano kahaba ba ang driveway na 'to?*

Look at the bright side, pilit ng dalaga sa sarili. At least she didn't have to sell her body to some low life.

Gusto niyang tumawa roon. Sell her body. As if. Tatawa ang nanay niya sa joke na iyon.

Tinapunan ni Bella ng sulyap ang katawan. The royal blue wrap dress strategically flattered her heavy breasts and curvy hips, the tapered hem giving the illusion that she had a slimmer ass. God knew she needed that. She didn't want to remember the last time she checked the size of her buttocks. Pakiramdam niya ay lumalapad iyon sa pag-iisip pa lang niya ng crême brûlée.

Her long black hair was pulled back in a basic and elegant chignon, her simple but perfect makeup

accentuating her large eyes, high cheekbones, small straight nose and plump lips. The nude peep toe pumps she wore made her legs looked longer, something she needed because of her less-than-stellar height.

Maganda si Bella, hindi iyon pagyayabang, kundi isang simpleng katotohanan. Kagaya ng katotohanan na size 8 siya at five feet and three and a half inches lang ang height niya.

Ano nga ang sabi ng mama niya?

You're ungodly beautiful, darling, thanks to my genes. But let's admit it; you look like a short and overweight Angelina Jolie. Wear that stiletto and cut down the carbs!

She wrinkled her nose and pursed her lips. Ano nga ang sinasabi nila? *Mother knows best.* And her mother made sure nobody would forget about it.

Sa mundo ng mga nagtatangkaran at size 2 *Victoria Secret* models, walang puwang ang mga kagaya ni Bella. Unless they wanted a plus-size model, which was laughable.

Rich and powerful men like Enrique Miguel Romero would not waste their time or money on women like her. She was not the stuff of men's wet dreams. Ang kakambal niyang si Alessandra iyon.

Lumuwag ang daan at tumambad sa kanya ang malawak at berdeng kaparangan. Nakapaikot paakyat sa isang maliit na burol ang driveway, at sa wakas ay natanaw niya sa tuktok niyon ang isang mansion.

Her eyes narrowed as she took in the pale brown terracotta brick walls, high ceiling windows and glass panel doors. Colorful flowers overflowed from huge clay urns strategically positioned beside the stone pillars of

the patio. May infinity pool sa harapan, at kumikinang sa pang-umagang araw ang tubig doon.

Huminto ang *Benz* at kinalas ni Bella ang kanyang seat belt. She stared at the mansion, the harmonious blend of modern elegance and classic Spanish design a testament of class and sophistication. Money can't buy good taste, kaya dapat pasalamatan ng lalaki ang architect at designer nito sa magandang kinalabasan ng bahay nito.

Pinagbuksan siya ng driver at lumabas siya ng sasakyan. Bumaba mula sa terracotta steps ang isang may-edad na babaeng nakasuot ng puting duster at dalawang lalaki na nakaputing kamiseta at itim na slacks. Sa malaking patio sa harapan ay may dalawang armadong security personnel ulit.

“Good morning, Ma’am Sabella!” masiglang bati ng matandang babae. Kayumanggi ang balat nito, maraming kulubot sa mukha at marami ring uban sa maikling buhok.

Be polite, she reminded herself.

Pormal siyang ngumiti rito. “Good morning po.”

“Ako si Manang Yolly. Ito sina Ryan at Orland.

Hinihintay na kayo ni Lawrence sa loob.” Binalingan nito ang dalawang lalaki. “Dalhin n’yo na ’yung gamit ni Ma’am sa kuwarto niya. Kumusta naman ang biyahe, Ma’am? First time n’yo dito sa Rizal?”

Sabay silang naglakad ng matanda paakyat sa patio, at dinala ng malamyos na hangin ang amoy ng mga bulaklak sa kanila mula sa malalaking clay urns.

“Yes,” magalang na sagot ng dalaga, “first time ko po sa Rizal. Nagsuka po ako sa buong biyahe.”

Gulat na napatingin lang sa kanya ang matanda, at

matamis siyang ngumiti rito.

“Just kidding, Manang. Mabuti naman po, salamat.”

Napahalakhak ang matanda at umiling sa kanya.

“Ikaw bata ha, bumabanat ka ha. Matutuwa sa ’yo si Marie.”

She wasn’t kidding though. She hated the whole ride from Quezon to Rizal.

Binuksan ng nakatatandang babae ang malaking French door, at derecho iyon sa malawak na living area. Mapusyaw na marmol ang sahig, at pumapasok sa floor-to-ceiling windows ang pang-umagang sinag ng araw. The colors were warm and the furniture simple—long beige couches, black throw pillows, dark wood tables, and French lampshades. Kulay krema ang dingding at nakalawit ang ilang malalaki at kulay pilak na crystal pendant lamps sa mataas na kisame. Vibrant abstract paintings graced one wall, and a long pedestal table held picture frames and a huge multi-hued ceramic pot filled with pink, white and yellow roses, lilies and hydrangea.

“Nasa opisina si Lawrence, Ma’am Sabella,” pukaw ni Manang Yolly sa kanyang tahimik na pagtingin sa paligid. “Puwedeng ‘Ma’am Bella’ na lang tawag ko sa ’yo, Ma’am?”

“Kahit ‘Bella’ na lang at wala na pong Ma’am.”

“Sige, ‘Bella’ na lang.”

Kumaliwa sila at pumasok sa isang hallway. Pulos bintana rin ang isang bahagi ng dingding doon. Outside, pink, white, yellow, and red roses fluttered in the morning breeze. She pursed her lips as she remembered her own rose garden in *Casa de las Rosas*—ang garden book café business na iniwan niya para hindi mawala sa kanila ang kanilang mansion at hacienda.

“Ang ganda-ganda mo kasi. ‘Beautiful’ ang ibig sabihin ng Bella, di ba?” untag ng matanda.

“Yes, ’yun po ang ibig sabihin n’un sa Italian at Latin.”

“Parang ’yung si *Belle* sa *Beauty and the Beast*.

Pinanood namin ’yon n’ung kailan ng mga apo ko. Parang ikaw si *Belle*, beautiful.”

Pagak siyang tumawa at matabang na napailing sa matanda. In fairness, may sense of humor si Manang Yolly. “You’re too kind, Manang, pero walang gustong manood ng matabang *Disney* princess.”

“Ay, hindi ka naman mataba. Malaman lang, pero sexy pa rin.”

Now, that’s a good one. The corners of her lips curled in a mocking smile. “I like you, Manang.”

Tumawa muli ang matanda.

May nakasalubong silang isang security detail na may dala uling armas, at tumalas ang kanyang mga mata.

“Ba’t ’andami pong security?” hindi niya napigilang itanong nang makalagpas ang armadong lalaki.

“Kasi may nakapasok dito n’ung nakaraan.”

Gulat na napahinto si Bella sa paglalakad.

“Magnanakaw?”

“Hindi, hindi. Nanggugulo lang. Kinuntsaba ’yung isang tauhan dito kaya nakapasok. Kaya hayan, nagdagdag ng security si Enrique.”

Nanggugulo lang? Bumuka ang kanyang bibig para klaruhin iyon, pero huminto ang matanda sa tapat ng isang mahogany door. Binuksan iyon ni Manang Yolly nang hindi kumakatok.

“Lawrence, nandito na si Bella,” anito.

Tumayo ang lalaki mula sa likuran ng desk at itinaas

ang tingin sa kanila. Pero hindi roon natuon ang kanyang pansin. Nahila ang titig ni Bella sa malaking painting sa likuran ng desk. Halos sakupin niyon ang buong pader.

Mga bungo, naaagnas na katawan, mga itim na bulalak at mga ahas. Apoy at mga halimaw. Mga demonyo.

Well, heto na ang ebidensya na money can't buy good taste. She bet that ghastly painting costs millions. *Pweh.*

"Okay, okay," narinig niyang sambit ng lalaki. Nakadikit ang isang cell phone sa tainga ng binata habang inaayos ang ilang papel sa mesa. "Give me the report later. Thanks." Ibinaba nito ang phone at sumilay ang malawak na ngiti sa baby-face nitong mukha. Lalo pa itong nagmukhang bata dahil sa suot na dark green polo shirt at faded jeans. Ganito rin ang suot ng lalaki nang una niyang makita noong isang buwan. Attorney Lawrence Ramos looked more like a preppy college student than a thirty-three-year-old lawyer.

"Bella, good morning."

"Good morning," balik niya at tinanggap ang pakikipagkamay ng abogado.

"Iwan ko muna kayo, ha?" singit ni Manang Yolly.

"Sige, Manang." Nakangiting tinanguan ng lalaki ang may-edad na babae bago ito lumabas ng silid.

"Have a seat," alok ni Atty. Ramos sa kanya.

Nagpasalamat si Bella at umupo sa black leather couch sa tabi ng bintana.

"Kumusta ang biyahe? Do you like the place?"

As if that mattered. Mas gugustuhin pa ni Bella na tumira sa ilalim ng tulay nang ilang taon kaysa tumapak sa mansion ng mga Romero. Mahalaga ba iyon? Of course not!

She forced herself to smile. “The trip was fine, thank you. The place is beautiful.”

Hindi kagaya ng living area, walang halong tradisyonal na disenyo ang loob ng opisina. The study room was masculine, simple and modern with its sleek glass tables, leather couches and dark wood furnishing. A set of silver photo frames sat on the desk and arched floor lamps stood on two corners of the room.

Muli siyang napasulyap sa painting sa likuran ng mesa. Something that ugly should be illegal.

“I told him to get rid of that,” sambit ng abogado. Nakangiwi ito habang nakatitig din sa malaking painting. “It’s hideous.”

“Some people like that kind of art,” pantay niyang komento.

“That’s true. But it’s not that Enrique prefers gruesome paintings like that. He’s not into any kind of art, actually. He just said he wanted to use that painting as a reminder.”

Muntik na siyang mag-angat ng kilay. Reminder of what? Of *Amityville* horror?

Mukhang nabasa ng lalaki ang kanyang ekspresyon kaya maikling tumawa. “I know what you’re thinking. Reminder ng ano? Ng impiyerno? Parang ganoon na nga, actually. He said it reminds him of the effects of drug addiction. Kaya nilagay niya ’yan d’yan ay para magsilbing alaala at warning na rin. He had a bad experience with drugs.”

Well, well, well. Bad experience with drugs. Malamang ay naging drug addict ang Enrique na iyon. God, things just got better and better!

“Si Mrs. Romero?” pagpapalit ng paksa ni Bella. Wala siyang balak makisawsaw sa kung anong drama ng pamilyang ito kaya mabuti pang magtrabaho na siya. “Shall I meet her today?”

Kumupas ang ngiti sa mga labi ng abogado, at umupo sa single chair sa gilid ng couch. “I’m afraid not. Inatake siya sa puso kagabi.”

“What!” bulalas niya.

“She’s alright now,” kambiyo ng abogado. “It’s a mild heart attack, and the doctors said she’s in a stable condition now. Pero gusto ni Enrique na i-confine ang mama niya nang ilang araw pa sa ospital para makasiguro.”

“Oh,” gulat pa rin niyang sambit. “I’m glad she’s fine.”

She kept her expression polite even as her mind worked overtime. Ano na ang mangyayari ngayon sa contract nila? Don’t get her wrong, hindi sa masama ang ugali ni Bella at wala siyang pakialam sa kalagayan ng matanda. She was sorry to hear about the heart attack, but her own family had their own problems to deal with. Milyones at ang hacienda nila ang nakataya roon. At iyon ang priority niya.

“I’m glad to hear she’s doing okay now,” aniya pagkaraan. “At tama rin na magpahinga muna siya. But I supposed that means we can’t start the project right away.”

Damn it. Dapat sinabi ng mga ito ang balitang iyon kanina bago pa siya umalis ng Quezon.

Mapaumanhing tumango si Lawrence. “Yes, I’m afraid not. She’s doing well, pero may history kasi ng sakit sa puso si Auntie. Lahi nila. Kaya naging sigurista si Enrique

kaya pina-confine muna. Kailangang hintayin ang go signal ng doctor bago masimulan ang project n'yo. But don't worry, you'll stay here in the house and you'll be compensated accordingly."

Mabilis siyang umiling. She'd rather not stay in the house longer than necessary. "No, it's alright. I should go back home and come back once the doctor cleared Mrs. Romero. Mas makakabuti—"

"No, no, it's okay. 'Andito ka naman na, ilang araw lang si Auntie sa ospital; probably less than a week. Hindi muna kayo magtatrabaho, but you'll get to talk to her just to get yourselves familiar with each other. Please stay."

"But—"

"Please," putol ng kausap. "Auntie will feel bad if you return to Quezon. Iisipin n'on na nakaabala siya sa 'yo dahil sa nangyari. Stay, please."

Ngayon ay siya pa ang may kasalanan kapag bumalik siya? Talaga naman. *Beggars can't be choosers, Bella. Suck it.*

"If that's what the family wants," pormal niyang hayag.

Mapaumanhing ngumiti ang lalaki, siguro ay nakita sa malamig niyang ekspresyon ang tahimik niyang pagtutol.

"Tuloy ang lahat ng napag-usapan natin n'ung pumunta 'ko sa inyo," patuloy ni Lawrence. "Kapag okay na si Auntie, you'll start working with her on the garden book café. Nagustuhan kasi talaga niya 'yung *Casa de las Rosas*, gusto niyang magkar'on din ng gan'on."


Bumukas ang pinto ng opisina at pumasok si Manang Yolly. "Lawrence, nalabas na ni Frank 'yung kotse, hinihintay ka na."

Tinanguan ng kausap ang matanda saka bumaling ulit sa kanya. “I have to go. Si Manang Yolly muna’ng bahala sa ’yo. Anything you need, ask her. Consider this your home, okay?”

Consider this place her home? She almost snorted. Not in a million years.

“Ingat,” tangi niyang sagot.





CHAPTER 2

Sa isang kuwarto sa west wing ng bahay siya dinala ni Manang Yolly. Malaki iyon at muli, magkahalo ang modern at classic style sa loob ng silid. Dark stained timber floors complimented the crisp white walls. Art deco table lamps and vases of fresh blooms sat on almost every rustic hard wood table. And there was the bed. Malaki iyon at may embroidery pa ang puting kobre kama.

“Sa kanan nito ’yung kuwarto ni Celie,” tukoy ng matanda kay Mrs. Cecilia Romero. “Akin ’yung katapat. Sa kaliwa nito ’yung library. Malapit din dito ’yung ginagamit na kuwarto ng anak ko at saka n’ung dalawang apo ko kapag ’andito sila.”

“Kamag-anak po kayo ng mga Romero?” usisa ng dalaga .

“Ay, hindi. Pero matagal ko na silang kilala. Lalo na si Enrique. Payatot pa ’yan, kilala ko na ’yan.”

Matapos ayusin ang mga gamit, sumabay siyang magtanghalian kina Manang Yolly.

“Interior decorator ka ba, Bella?” untag ng matanda

habang kumakain sila ng creamy beef mushroom sa kusina.

She carefully measured her rice before answering.

“Hindi po. Business Management po ang tinapos ko.”

“Pero tumulong ka sa pag-design n’ung book café mo? Gustung-gusto ni Celie’yung design n’un. ’Yon lang ang kuwento n’on pagkagaling sa Quezon.”

“Oo nga,” segundo ni Marie, ang isa pang kasambahay habang pinupunasan ang mahabang gray granite counter. Inayos nito ang suot na asul na scrubs bago umupo sa tabi ng matanda. “Winner kay Ma’am Celie’yung shop mo, Ma’am.”

“May interior designer kami, pero malaki ang input ko sa lahat ng designs. Lalo na’yung sa garden.”

“Naalala mo ba si Celie n’ung pumunta siya shop mo?” untag ni Manang Yolly.

Tumango si Bella. Naging customer nila si Mrs. Romero mga dalawang buwan na ang nakakaraan. Nangyari iyon bago nila malaman ang pagkasangla ng mga ari-arian nila kay Enrique. Turista ang may-edad na ginang at kasama nito ang anak na si Michelle.

“Tinanong na ’ko doon mismo ni Mrs. Romero kung nagpa-franchise ba kami. I haven’t thought about it back then.”

Sinabi niyang tatawagan na lang niya ang ginang kapag nakapagdesisyon na siya. And lo and behold, just a few weeks later, nalaman nilang nakasangla ang mahigit sa kalahati ng mga ari-arian nila sa casino na pagmamay-ari ni Enrique Romero. With a little research, they found out Enrique was the son of Cecilia. Talk about f*cking coincidence. They contacted his lawyer, and after some

negotiations, Mr. Romero allowed them more time to settle their debt if she helped his mother with the shop. Everybody happy... except her, obviously. She was the sacrificial lamb here.

“Naku, sayang wala dito si Josie. Matutuwa ’yon sa ’yo. Interior Design ang course n’on.”

Napatingin si Bella sa matanda. “Josie?”

“Si Josephine. ’Yung bunso. Nasa States siya, nag-aaral.”

“Pero di ba, Nanay, may isa pa dapat silang kapatid?” singit ni Marie. “Yung bunso dapat?”

“Oo. Si Cathy. Kaya lang namatay siya n’ung six years old. Sakit sa puso, lahi kasi nila. Si Michelle, baka dumating ngayong linggo. Nasa States din ’yon. May problema ’yun ngayon sa asawa kaya dirito muna. Kaya nga inatake sa puso si Celie dahil sa mga problema ng isang ’yun.”

Sumimsim si Bella ng kanyang orange juice. “Si Enrique po? Dito rin ba lagi?”

“Ay, hindi. May pad siya sa Ortigas, doon ’yon madalas. Masyadong malayo ’tong Tanay sa mga negosyo nila.”

Tumango si Bella at binalingan ulit ang pagkain. So far, ang lahat ng transaksyon ay sa pagitan nila at ni Attorney Lawrence. She would like to keep it that way. She’d rather not meet Enrique Romero personally. According to the information she gathered, the man had ties to mobsters. Benefactor nito si Antonio Hernandez, isang kilalang mobster sa bansa. And most of Enrique’s businesses were casinos and firearms distribution. So no, thank you. She’d rather not meet the filthy bastard.

Matapos magtanghalian, inilibot siya ni Manang Yolly sa buong bahay. Itinuro nito ang music room, ang mga living rooms, ang entertainment room, ang dining at ang malawak na gym. Tinapunan niya ng masamang tingin ang hilera ng mga treadmills, weights, at back pulley machines. Sino ba ang gumagamit ng gym na ito? Mga *Olympic* athletes at *Navy SEALs*?

Ipinakita rin sa kanya ni Manang Yolly ang garden. “May kuwadra din kami dito. Marunong kang mangabayo?”

Surprise and a flicker of pleasure warmed her belly. “Yes, Manang. Lahat kaming magkakapatid marunong mangabayo.”

“O, ’ayan. Kapag gusto mong mangabayo, hanapin mo lang si Jerry. Siya ’yung nag-aalaga sa kanila. Gusto mong tingnan natin ngayon?”

“Oh. Can I....” Tinikom niya ang bibig at nirendahan ang sarili. Gusto niyang iikot ang mga mata.

Control yourself, Bella.

Hindi siya narito para magsaya. Magalang siyang umiling sa matanda. “No, hindi na po.”

“Ikaw ang bahala. Pero kapag gusto mong subukan, hanapin mo lang si Jerry.”

Nang gabing iyon matapos ang hapunan, tinawagan ni Bella ang ina para ipaalam ang lagay niya.

“Thank God at hindi naapektuhan ang contract!” bulalas ng kanyang nanay matapos niyang ilahad ang tungkol sa mild heart attack ni Cecilia Romero. “You have to be nice to them, Bella. We can’t let anyone from this town know about this.”

“Maybe you should have thought of that before using

our properties as collateral,” pakli niya.

“Stop it. Napag-usapan na natin ’to. Malapit nang mag-propose si Vincent sa kapatid mo. We can’t let anything get in the way of that. ’Pag nalaman nina Congressman ang problema natin, baka hindi matuloy ang engagement. You have to be nice to them!”

“Do I have a choice?” she bit out.

Hinilot ng dalaga ang sentido at nagpauli-uli sa kahabaan ng kanyang malaking silid. Just thinking of the scandal once the town found out about their problems made her want to hit someone.

“Your father and Alessandra said take care. May gym ba d’yan? Don’t forget to exercise. And watch the calories!”

She gritted her teeth and glared at the trees outside her room. She and Alessandra inherited their mother’s high cheekbones and wavy black hair. Pero ang kakambal lang niya ang nagmana sa balingkinitang katawan ng kanilang ina. Madalas ay napagkakamalan itong kapatid nila kaysa sa nanay nila. Their mother loved that.

“Good night, Mother.”

Tinawagan niya ang assistant na si Kristina pagkatapos niyon para kumustahin ang kanyang shop. Then, she took a long hot bath. Hinagilap ni Bella ang dalang romance pocketbook mula sa nightstand bago siya humiga sa kama.

Akala niya ay hindi siya agad makakatulog. Pero siguro talagang stressed siya nitong nakaraan kaya hindi nagawang mamahay ng kanyang katawan at tuluyan na siyang nakaidlip.



“Who the f*ck are you?”

Napaigtad sa kama si Bella nang marinig ang malakas na sigaw sa kanyang harapan.

“Who the hell are you? Get up! Get the f*ck up!”

She yelled when big strong hands gripped her shoulders, jerking her up, forcing her to meet a pair of dark ominous eyes.

A man hovered above her; his face tight with fury, his fingers digging into her shoulders in a bruising grip. Sinunod ng dalaga ang sariling instinct at matinis na sumigaw.

“What the hell?” bulyaw ng lalaki.

“Help!” she screeched. “Let go of me! Let go! Let go! Help!” Nagwawalang itinulak niya ang lalaki pero para siyang tumutulak ng konkretong pader.

“P*tang ina! Sino ka?” Marahas siyang kinalog ng estranghero at itinulak sa kama. “Ano’ng ginagawa mo dito? Sino’ng nagpapasok sa ’yo?”

Hindi siya magkandaugaga sa pagsiksik sa headboard. “Manang Yolly! Tulong! Tulong!”

Muli siyang hinagip ng lalaki. “Sino ka?”

Pilit itong sinuntok ni Bella, pero lalo lang siyang kinalog ng estranghero. Idinagan nito ang maskuladong katawan sa kanya at kinulong ang kanyang mga braso sa tagiliran niya.

Parang may bola ng yelo sa kanyang lalamunan. The guy was too big. Too strong. He could probably kill her with just one blow to the head using that huge fist. Maliwanag sa paligid, kitang-kita ng dalaga ang matalim na ang galit sa mga mata ng lalaki at ang—

Napatigil si Bella sa pagpiglas nang tuluyang

masilayan ang mukha ng kaharap—ang mukha na ilang beses na niyang nakita sa Internet at sa mga larawan sa loob ng Romero mansion.

Good God, he looked even more menacing than in the pictures! was her first wayward thought. Enrique Romero towered over her, his furious dark eyes like pools of midnight black. His ruthless buzz cut made his strong cheekbones stand out sharper, the scar running from his right temple down his rough angular jaw a stark line against his warm golden skin.

“Sino ka?” asik ng lalaki. “Paano ka nakapasok?”

Noon nahimasmasan si Bella at muli siyang nagpumiglas. “Ano ba! Stop it! Let go! Ano ba!”

“Sino’ng nagpapasok sa ’yo? P*tang ina! Sino ka?”

“Ano ba! I’m Bella Rodriguez! I’m here to work for your mother! Ano ba! Let go!” Nagawa niyang hilahin ang isang braso saka ito sinuntok sa matigas na dibdib. But goddamn it, kamao lang niya ang nasaktan sa ginawa niya. “I’m Bella! Hindi ba nila sinabi sa ’yo na dumating ako kanina?”

Marahas siyang itinulak ng binata pagkatapos, bumaba ito ng kama. Dear heavens, he looked ready to rip her throat out. Everything about the hateful man was big. Big hands, thick brawny arms, broad shoulders, strong muscular torso. The guy was over six feet, and she could make out the hard lines of muscles straining against his black shirt and dark jeans.

“We have a contract,” nagawa niyang sabihin sa kabila ng takot sa lalamunan. “Si A-Attorney Lawrence, we finalized the deal. I’m to work for your mother. Hindi mo ba alam na dumating ako kaninang umaga?”

Hindi siya nito sinagot. Jaw still clenched, his gaze raked down her body, and a different kind of tension tightened his muscular frame. Nanlaki ang mga mata ni Bella at napalipad din sa sariling katawan ang tingin. Manipis ang sedang pantulog niya at hapit ang kremang nightie sa kanyang mga kurba. She was sprawled on the bed, the blanket twisted around her spread legs, the hem of her floor-length nightwear riding up her thighs. Nag-init ang kanyang mga pisngi.

Narinig niya ang mga boses sa labas ng silid. Bumukas ang pinto at humahangos na pumasok si Manang Yolly at isang armadong lalaki.

“Ano’ng nangyari? Ba’t may sumigaw? Ano’ng— Enrique, ba’t ’andito ka?”

Nagtagis ang bagang ng binata at hinarap ang matanda. “Sino ’tong babaeng ’to?”

Hinagip ni Bella ang roba sa paanan ng kama at agad na isinuot iyon. Mabilis pa rin ang pagtibok ng kanyang puso, at parang mabibingi siya sa pagbugso ng dugo sa tainga niya.

“Si Bella ’yan! ’Yung tutulong sa mama mo sa shop. Ano ka ba! Sinabi sa ’yo ni Lawrence na ngayon siya darating!”

“Bakit malapit siya sa kuwarta ni Mama? Alisin n’yo ’yan dito!”

“Hinaan mo’ng boses mo. Tinatakot mo si Bella, ano ka—”

“Alisin n’yo ’yang babaeng ’yan dito! Dalhin ninyo siya sa ibang parte ng bahay!” Padaskol na lumabas ng kuwarta ang lalaki at binalibag pasara ang pinto.

Tumakbo si Manang Yolly palapit sa kanya. “Okay ka

lang?” Hinawakan nito ang kanyang braso at buhok.

Gusto niyang tumawa. Mukha ba siyang okay?

“Halika na. Ililipat na muna kita sa kabilang wing ng mansion.”

Inalalayan siya ng matanda na tumayo para kumuha ng ilang gamit.



She had never been so humiliated before in her life!

Halos mabali ni Bella ang hawak na hairbrush sa tindi ng kanyang galit.

“Pagpasensyahan mo na si Enrique ha?” Inilapag ni Manang Yolly ang pitsel ng tubig sa nightstand at umupo sa gilid ng kama. “Stressed lang talaga ’yon ngayon.”

Stressed lang? Gusto niyang tumawa at itapon ang brush sa salaming bintana. Stress? What a f*cking joke! Stress made people fat. Stress made people thin. Stress made people ugly. Stress could even kill people. But stress did not turn people into homicidal psychopaths!

Nanggagalaiting dumerecho siya sa banyo at inilagay ang kanyang bag of toiletries sa cabinet. Pinigilan niya ang sariling padabog na isara ang pinto ng cabinet at basagin ang salamin doon.

*Deep breaths, Bella. Deep f*cking breaths.*

Nagpipigil pa rin sa galit, lumabas siya ng banyo.

Hinihilot ni Manang Yolly ang sentido nito. Magulo ang ubanin nitong buhok at gusot din ang mahaba at puti nitong pantulog. She might have worried about the old woman if she wasn’t feeling so murderous.

Itinaas ng matanda ang tingin sa kanya. “May nakapasok kasi dito n’ung nakaraan. Babae din, stalker ni Enrique ’yon. Napansin niya sigurong may ilaw sa

guestroom sa may tabi ng kuwarto ng nanay niya kaya niya tiningnan. Medyo paranoid ang mga tao ngayon dito dahil sa pangyayaring 'yun n'ung kailan. Pasensya ka na, ha?"

She didn't dare speak. Natatakot siyang baka kung ano ang masabi niya kapag nagsalita siya.

Ang kapal ng mukha ng lalaking iyon na tratuhin siya na para bang kriminal siya, na para bang basura na kailangang maialis sa harapan nito ora mismo! Ang kapal ng apog! Hindi ba nito kilala kung sino siya? Siya si Sabella Anna Vincentia Rodriguez. Men like Enrique Romero were nothing but dirt under her feet!

Hinagip niya ang ilang piraso ng damit na kinuha sa closet kanina at ipinasok iyon sa isang drawer.

"Pasensya na talaga, Bella. Ako na'ng kukuha bukas ng mga gamit mo doon sa kabilang kuwarto, ha? 'Wag mo nang isipin 'yon. Nakalimutan lang siguro ni Enrique na darating ka kasi marami siyang iniisip. Alam mo na, sinugod sa ospital si Celie, 'tapos malapit na rin 'yung death anniversary ni Cathy. Marami lang siyang iniisip kaya nakalimutan niyang may bisita kami."

"Okay na, Manang Yolly. Matulog na ho kayo. Matutulog na rin ako. Salamat."

"Pasensya na ulit, ha? Hindi masama ang ugali ni Enrique. Talagang marami lang siyang iniisip. Kung ayaw mo nitong kuwarto na 'to, tingnan mo 'yung iba sa wing na 'to."

It didn't f*cking matter to her. She just wanted to sleep!

"Okay na po, Manang, sige na po."

Sa wakas ay nakuha ng matanda ang mensahe at

lumabas na ng silid. *Thank God.* One more minute and she might end up screeching.

Tiim-bagang na nilibot ni Bella ang tingin sa kanyang bagong magarang kuwarto. Vintage at halatang pangbabae ang silid. Kulay krema at mapusyaw na rosas ang dominanteng kulay at maraming lampshades at mga upuang makapal at malambot ang foam. May magandang view ang silid ng kakahuyan at tanaw niya ang malawak na kaparangan. Sa tabi ng bintana, may mahabang mesa na may nakapatong na malaking globo, mga compass, binoculars, hour glass at pocket watch. Mukhang antigo ang mga iyon at may nakaukit na disenyong pangbabae. She imagined herself throwing and breaking the expensive antiques.

Fuming, she stormed toward the bed, threw herself on the mattress, and screamed into a pillow.

